# KAPASIYAHAN BLG. 2021-41

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBARANGAY BLG. 01, H-2021 NG BARANGAY MALAWAK NA NAG-UUBLIGA SA PAGBABAWAL SA ANUMANG URI NG SASAKYAN NA MAGPARADA SA MAGKABILANG PANIG NG KALSADA AT PAGBABAWAL SA LAHAT NG ESTABLISIYEMENTO, TINDAHAN O ANUMANG URI NG NEGOSYO PAGLAGPAS O PAG-USLI NG ANUMANG NAKAKASAGABAL SA NASASAKOP NG KALSADA, PAGBABAWAL SA PAGDAAN NG DUMP TRUCK (10 WHEEL) NA MAY BIGAT NA 15 TONELADA ANG KARGA AT MGA ILEGAL NA ISTRAKTURA."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Martin SJ. Angeles**
*Tagapangulo*
Lupon sa Kaligtasang Bayan at Kaunlarang Barangay

---

**SAPAGKA'T,** ang layunin ng Sangguniang Barangay ng Malawak na mapaluwag, mapabilis ang daloy ng trapiko at maiwasan ang mga nakakaabala sa kalsada;

**SAPAGKA'T**, ang Kautusang Barangay na ito ay tumatalima sa Memorandum Circular No.2020-145 na inilabas ng Department of Interior and Local Government noong Oktubre 2020;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa Sekyon 17(b) ng Batas Republika 7160 o mas-kilala bilang Local Government Code of 1991 na nag-uutos sa mga namumuno na panatilihing walang nakakasagabal sa mga kalsadahin sa kanilang hurisdiksyon;

**SAPAGKA'T**, isinasaad sa Seksyon 64 ng Pambayang Kautusang Blg. 24, S-2008, o ang Traffic Code ng Bustos kung saan ipinagbabawal ang anumang nakakahadlang sa maayos na daloy ng trapiko.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MARTIN SJ. ANGELES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusang Pambarangay Blg. 01, H-2021 na nag-uubliga sa pagbabawal sa anumang uri ng sasakyan na magparada sa magkabilang panig ng kalsada at pagbabawal sa lahat ng establisiyemento, tindahan o anumang uri ng Negosyo paglagpas o pag-usli ng anumang nasasakop ng kalsada, pagbabawal sa pagdaan ng dump truck (10 wheel) na may bigat na 15 tonelada ang karga at mga ilegal na istraktura.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-9 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Jonalyn S. Ortega-Santos**
Kasangguni

**Toni Flor H. De Guzman**
Kasangguni

**Rosette G. Pangilinan**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Melvin H. Melencio**
Kasangguni

**Gemar Aldrich M. Cruz**
Kasangguni

**Martin SJ Angeles**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-9 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Isa.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim